

LUNGSOD NG SAN DIEGO

Pahayag ng Pambayang Paglilitis

*Ang Sangguiniang
Panglungsod ng San Diego
ay magkakaroon ng pambayang
paglilitis, upang pag-usapan ang
binabalak na pagtaas ng singil sa
tubig at "sewer," kasali na ang isang
pambuwanan na "credit" o "refund"
para sa parokyanong "sewer"
na nag-iisang pamilya
na may bahay*

**Ang sino man
interesado ay
inaanyayahan dumalo.
Basahin ang linalaman
nitong kasulatan upang
mapag-alaman ang
iba pang bagay
tungkol dito.**

Oktubre 8, 2007
Ika 2 ng hapon

City Administration Building
202 "C" Street, 12th Floor
Council Chambers
San Diego, CA

ANG BINABALAK NA KABALIGTARAN NG PAGTATAAS NG SINGIL SA "SEWER" AT ANG "CREDIT"

Noong May 18, 2007, ang Mataas na Hukuman ng San Diego County ay nagbigay ng pahintulot sa usapan tungkol sa asunto laban sa pagtaas ng singil sa "sewer" ng Lungsod ng San Diego. Ang asunto ay nagsakdal na ang Lungsod ay sumobra sa pagsingil ng parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay -- habang kulang naman ang pagsingil sa iba -- para sa serbisyong "sewer" hanggang ang paniningil ay binago noong Oktubre 2004.

Ang usapan na pinahintulot ng Hukuman ay naguutos sa Lungsod na ibalik sa parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay ang kabuuan ng \$40 milyon (menos ang \$5 milyon para sa pagbayad sa abugado at iba pang gastos) sa susunod na apat na taon.

Upang masunod ang lahat ng nasa usapan, ang Lungsod ay dapat pansamantalang isaayos ang singil para sa lahat ng parokyanong "sewer." Ngunit, ang Lungsod ay nagbabalak na **IBALIGTAD ANG PAGTATAAS NG SINGIL AT MAGBIGAY NG KARAGDAGAN NA "CREDIT" sa "nararapat" na parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay** (Dahil sa linalaman ng usapan, halos lahat ng parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay ay "nararapat." Tingnan ang talababa para sa dagdag na kaalaman.) Itong mga binabalak na pagtaas ng singil ay bukod sa "rate structure" na ipinahintulot ng Alkalde at ng Sangguniang Panglungsod noong Pebrero 2007. Ang Lungsod ay nagbabalak ng sumusunod na hakbang upang masunod ang linalaman ng usapan.

Para lang sa "nararapat" na parokyanong "sewer" na nag-iisang pamilya na may bahay:

- Ang Lungsod ay nagbabalak na MAGBABA ng singil para sa serbisyong "sewer" sa pamamagitan ng:

UNA, BALIGTARIN ang dalawang 3.05% na pagtataas ng singil para sa lahat ng "sewer customers" ng Lungsod.

IKALAWA, PAGHATIIN ang kabahagi ng usapan sa pamamagitan ng **BUWANAN NA "CREDIT"** na tinatantiyang \$3.25 bawat buwan para sa bawat "account" ng nararapat na nag-iisang pamilya na may bahay. Ang tunay na halaga ng "credit" ay bahagyang mag-iiba batay sa dami ng "account" sa Lungsod.

Para sa lahat ng parokyanong "Sewer" ng Lungsod:

- Ang Lungsod ay nagbabalak itaas ng 3.05% ang kasalukuyang singil para sa "sewer" simula sa Nobyembre 1, 2007.
- Ang Lungsod ay nagbabalak din itaas ng isa pang 3.05% ang kasalukuyang singil para sa "sewer" magsisimula ng Mayo 1, 2008.

Ang binabalak na pagtaas ng singil ay inaasahan na kumita ng \$40 milyon sa susunod na apat na taon ukol sa inuutos ng usapan na binigyan ng pahintulot ng Hukuman. Lahat ng pondo na mangagaling sa binabalak na pagtaas ng singil ay mapupunta sa pagbawas ng "sewer service charges" para sa nararapat na parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay at upang masunod ang iba pang mga kautusan ng Hukuman.

Matapos tipunin at paghatiin ang \$40 milyon, ihihinto ang tinatawag na "rate reversal and monthly credit" para sa parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay. Ang dalawang 3.05% na pagtaas ng bayad para sa lahat ng "sewer customers" ng Lungsod ay magwawakas. Ito ay inaasahang mangyayari malapit sa ika-30 ng Oktubre, 2011.

Isang Madaliang Paraan Upang Malaman ang Inyong Bagong Sewer Rate:

Kung kayo ay isang "nararapat" na parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay, hanapin ang kabuuan ng bayad para sa "sewer" na nakalista sa inyong magkasamang kuwenta para sa tubig at "sewer." Ibawas dito ang \$3.25 upang tantiyahin ang inyong bagong kuwenta para sa "sewer."

Para sa lahat ng ibang nagbabayad (na hindi "nararapat" na parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay) idagdag ang kuwentang "sewer base" o "service charge" na nakalista sa inyong magkasamang kuwenta para sa tubig at "sewer" at multiplikahin ito ng 1.0305 upang tantiyahin ang inyong bagong kuwenta para sa "sewer" na magsisimula sa Nobyembre 2007.

Lahat ng parokyanong "sewer" ng Lungsod ay makakakita ng maliwanag na kaalaman tungkol sa binabalak na pagtaas ng singil sa website ng Lungsod sa www.sandiego.gov/mwwd o sa pagtawag sa (619) 515-3500.

MGA HALIMBAWA ng Binabalak na Buwanang Singil Para sa "Sewer Service":

Ang susunod na "table" ay nagbibigay ng mga HALIMBAWA ng bunga ng binabalak na pagtaas ng singil para sa "sewer" sa pangkaraniwang parokyanong. Ang tunay na kuwenta ay mag-iiba dahil sa paggamit.

Parepareho ang bunga ng ikalawang bahagi ng binabalak na pagtaas ng singil (simula ng Mayo 2008) sa mga parokyanong. Itong mga halimbawa ay para sa buwanang pagsingil. Sa Abril 2008, ang pagsingil ay gagawin minsan sa bawat dalawang buwan.

* Ang \$20,000 galing sa usapan ito ay ibibigay sa isang "non-profit" na kapisanan na magbibigay sa Lungsod at ang mga "customers" nito ng pagsusuri tungkol sa actibidad ng pagbayad ng "sewer" at tubig. Ang karagdagan na \$30,000 galing sa usapan, ay ibabayad sa mga dating "sewer customers" ng Lungsod, na nag-sampa ng pag-angkin tungkol sa sobrang ibinayad.

† Ang mga "nararapat" na parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay ay ang mga nakatanggap ng "sewer service" noong sampung taon bago mag-ika 1 ng Oktubre, 2004. Higit na 97% ng kasalukuyang parokyanong "sewer service" ng Lungsod ay inaasahan na "nararapat." Ang mga parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay na binigyan ng "sewer service" pagkaraan ng petsang ito ay hinidi makakatanggap ng "rate reversal" o "credit" sa kanilang "sewer service charges."

Halimbawa:

Customer Type	Sewer Flow**	Oct. 2007 Billing	Nov. 2007 Billing	Nov. 2007 Billing with Rate Reversal	Monthly Credit	Nov. 2007 Net Billing
Single Family Residential (Eligible)	9 hcf	\$38.32	\$39.51	\$38.32	\$3.25	\$35.07
Single Family Residential (Not Eligible)	9 hcf	\$38.32	\$39.51	\$39.51	N/A	\$39.51
Multi-Family Residential	28 hcf	\$125.43	\$129.17	\$129.17	N/A	\$129.17

Commercial Accounts	Sewer Usage	Oct. 2007 Billing	Nov. 2007 Billing	TSS*** (PPM)	COD*** (PPM)
	750 hcf	\$3,324.63	\$3,426.03	300	600

** Ang agos ng "sewer" ay kinakalkula na porsiyento ng ginamit na tubig. Para sa mga nag-iisang pamilya na may bahay ang ginagamit sa pagkalkula ay ang mga "data" na naipon sa mga buwan ng taglamig, ang panahon ng pinakamababang gamit ng tubig sa San Diego. Lahat ng ibang parokyano ay kinakalkula sa porsiyento ng buwanang paggamit ng tubig.

*** Mayroon tatlong bahagi ng halaga ng serbisyong "wastewater": ang dami ng agos, ang dami ng "Total Suspended Solids (TSS), at ang dami ng "organic material" na tinatawag na "Chemical Oxygen Demand" (COD). Para sa parokyanong may bahay, tinatantiya ng Lungsod ang karaniwan halaga ng TSS at COD batay sa mga sukat ng industriya at idinadagdag dito ang gastos para sa paglinis nitong mga bahagi sa abot ng kaya ng kuwenta para sa "wastewater." Para sa mga mas maliit na parokyanong pang-industriya, ang halaga at gastos para sa paglinis ng TSS at COD at batay sa mga sukat ng industriya at nag-iiba batay sa negosyo. Para sa mas malaking parokyanong pang-industriya, ang TSS at COD ay sinusukat at ang Lungsod ay nagpapadala ng kuwenta sa kanila para sa gastos sa paglinis.

BINABALAK NA SINGIL PARA SA TUBIG

Bakit KAILANGAN Magtaas ng Singil Para sa Tubig:

Noong Hunyo 28, 2007, ang San Diego County Water Authority (CWA) ay bumoto na itaas ang singil para sa tubig na galing sa labas ng County, simula sa Enero 1, 2008. Ang pagtaas ng singil ay isinagawa para sa lahat ng ahensiya ng tubig, kasali na ang Lungsod ng San Diego. Dahil ang tubig na lokal ay kaunti lamang, kailanagn bilhin ng Lungsod sa CWA ang higit na 90% ng tubig para mga parokyano ng Lungsod.

Ang pagtaas ng CWA ay hindi kasama sa mga pagtaas ng singil para sa tubig na ipinahintulot ng Alkalde at Sangguniang Panglungsod noon Pebrero nitong taon, dahil hindi pa alam noon ng lungsod ang pagtaas ng CWA. Dahil kailangan mabawi ng Lungsod ang gastos nito para sa pagbili ng tubig, kailangan isalin sa mga parokyano nito ang mga masmataas na singil.

Ang pagtaas ng singil ng CWA ay dahil sa gastos para sa "infrastructure," pagpapatakbo, at pagpapanatili ng "water supply system" ng CWA. Ang pagtaas ng CWA ay dahil din sa pagbili nito ng tubig sa pinakamalaking "wholesaler" ng tubig sa ating "region," ang Metropolitan Water District ng Southern California. Itinaas ng CWA ang singil para sa kanilang "fixed infrastructure access charge" at ang kanilang "commodity charge" na batay sa dami ng tubig na binibili.

Mga Binabalak na Pagtaas na Singil:

Mayroon dalawang bahagi ng singil para sa tubig ng Lungsod ng San Diego – ang "Base Fee" at ang "Commodity Fee." Ang "Base Fee" ay ginagamit upang mabawi ang mga hindi nagbabagong gastos para sa pagpapatakbo, at pagpapanatili ng "water system" at ang mga gastos ng Lungsod para maggamit ang CWA "water supply infrastructure." Ang "Commodity Fee" naman ay sinisingil para mabawi ang mga nagbabagong gastos dahil sa dami ng tubig na ginagamit ng parokyano ng "water system."

ANG BINABALAK NA PAGTAAS NG SINGIL PARA SA PAGTAAS NG CWA "PASS THROUGH BASE FEE":

Ang susunod na "table" ay ipinapakita ang bunga ng binabalak na pagtaas ng singil sa tubig sa "base fee" ng mga parokyano ng "water system."

ISANG MAHALAGANG PAUNAWA

Higit sa 90% ng parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay ay mayroon mga metro na ang sukat ay mas maliit sa isang pulgada. Ang ibig sabihin nito ay ang "base fee" ng nakararami na parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay ay tataas ng 14 cents bawat buwan. Kung kayo ay nangangailangan ng tulong upang malaman ang sukat ng inyong metro tumawag sa Water Department Customer Service Division ng Lungsod sa (619) 515-3500.

BASE FEES Meter Size:	Current	January 1, 2008 (with CWA Pass Through)	Total Increase	Most SFR Customers
Less than 1 Inch	\$15.18	\$15.32	\$0.14	
1 Inch	\$22.17	\$22.41	\$0.24	
1 1/2 Inch	\$38.13	\$38.59	\$0.46	
2 Inch	\$58.09	\$58.83	\$0.74	
3 Inch	\$104.98	\$106.38	\$1.40	
4 Inch	\$171.83	\$174.17	\$2.34	
6 Inch	\$337.46	\$342.12	\$4.66	
8 Inch	\$537.01	\$544.47	\$7.46	
10 Inch	\$770.49	\$781.23	\$10.74	
12 Inch	\$1,435.00	\$1,455.06	\$20.06	
16 Inch	\$2,499.62	\$2,534.62	\$35.00	

ANG BINABALAK NA PAGTAAS NG SINGIL PARA SA PAGTAAS NG CWA "COMMODITY FEE":

Bukod sa pagtaas ng "fixed charges," ang gastos ng CWA para sa "pass through" na binabalak ng Lungsod ay magtataas din ng "commodity fees" ng 9 cents para sa bawat isang daang "cubic feet" (hcf) ng tubig na gagamitin ng lahat ng parokyano – "residential, commercial" at "industrial." Ang isang daang "cubic feet" ng tubig ay humigit kumulang na 748 galon. Ang pangkaraniwang parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay ay gumagamit ng 14 hcf (o 10,472 galon) bawat buwan. Lahat ng halimbawa ay para sa buwanang singil. Sa Abril 2008, ang pagsisingil ay gagawin minsan sa bawat dalawang buwan. Ibig sabihin nito ay ang binabalak na CWA "pass through costs" ay magdadag ng \$1.40 bawat buwan sa gastos ng pangkaraniwang parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay na gumagamit ng 14 hcf na tubig bawat buwan.

Halimbawa:

**EFFECT OF PROPOSED WATER FEE AND RATE INCREASES:
Typical Single Family Residential Monthly Bill (14 HCF)**

Single Family Residential	Current	January 1, 2008 (with CWA Pass Through)	Amount of Increase
Base Fee (3/4 Inch)	\$15.18	\$15.32	\$0.14
1-7 HCF*	\$15.83	\$16.46	\$0.63
8-14 HCF*	\$17.23	\$17.86	\$0.63
TOTAL	\$48.24	\$49.64	\$1.40

PAUNAWA: Upang makatulong sa pagtitipid. Ang Lungsod ay gumagamit ng kayariang pagbabayad na may mga baiting. Ito ay nagtataas ng gastos para sa tubig na ginagamit ng parokyanong may bahay. Ang unang baitang ay para sa paggamit ng tubig hanggang 7 hcf bawat buwan. Ang ikalawa at mas mataas na baitang ay para sa lahat ng paggamit ng tubig higit sa 7 hcf hanggang 14 hcf bawat buwan (ang dami na ginagamit ng pangkaraniwang parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay). Ang ikatlo – at pinakamataas – na baitang ay para sa lahat ng paggamit ng tubig na higit sa 14 hcf bawat buwan.

Mga ibang kaalaman at payo tungkol sa binabalak na CWA "pass through costs" at singil para sa tubig ay matatagpuan sa www.sandiego.gov/water or sa pagtawag sa (619) 515-3500.

BUNGA NG PINAGSAMANG PAGTAAS NG SINGIL

Ang binabalak na pagtaas ng singil sa "sewer" at tubig ay dagdag sa mga pagtaas na ipinahintulot ng Alkalde at Sangguniang Panglungsod noong Pebrero ng taon na ito. Ang mga binabalak na pagtaas ng singil ay ipinagtugma sa naunang pagtaas ng singil upang mabawasan ang karagdagang bunga nito. Ito ay mararamdaman ng lahat ng parokyano sa kanilang pagbabayad ng tubig at "sewer" sa susunod na apat na taon.

Mga halimbawa ng ibabayad ng pangkaraniwang parokyanong may bahay at "commercial" ay matatagpuan sa www.sandiego.gov/mwwd at sa www.sandiego.gov/water.

Maaring tumutol sa binabalak na pagtaas ng singil

Gamitin ang kupon sa ibaba upang tumutol sa binabalak na pagtaas ng singil sa tubig o sewer. Maaari din sumulat sa Lungsod o makilahok sa pambayang paglilitis upang ibigay ang inyong nakasulat na pagtutol.

Paano ako sasali?

Kayo ay maaaring magbigay pansin tungkol sa pagtaas ng singil. Ang batas ng California ay nagbabawal sa Lungsod ng San Diego na magtaas ng singil kung ang karamihan ng mga mayaari ng lupain ay magbigay ng kasulatan tutol sa pagtataas ng singil bago matapos ang pambayang paglilitis. Ang mga kasulatan tutol sa pagtaas ng singil ay dapat ibigay sa Kawaning Panglungsod, Mail Station No. 2P, City Administration Building, 202 "C" Street, San Diego, CA 92101, bago matapos ang pambayang paglilitis sa ika 2 ng hapon, Oktubre 8, 2007. Ang bawat pagtutol ay dapat magbigay ng palatandaan para sa pag-aaring binabangit, kagaya ng bilang ng tirahan o "assessor's parcel number" kasama ang lagda ng may-ari ng lupain o nagbabayad ng tubig o ibang paglilingkod. Bawal ang pagtutol sa pamamagitan ng "e-mail."

Bagamat ang pagsasalita sa pambayang paglilitis ay hindi kabilang sa pormal na pagtutol kung hindi ito nakasulat din, ang alkalde at ang sangguniang panglungsod ay tumatanggap ng pansin buhat sa mamamayan sa pambayang paglilitis.



GAMITIN ANG PORMULARYONG ITO UPANG TUMUTOL SA BINABALAK NA PAGTAAS NG SINGIL PARA SA TUBIG AT "SEWER"

Ako, si _____ (ISULAT ANG IYONG BUONG PANGALAN) (MARKAHAN ANG ISA O DALAWANG PUWANG)
ay tutol sa binabalak ng Lungsod ng San Diego na itaas ang: singil sa tubig singil sa "sewer"

Bilang ng Tirahan: _____ Lagda: _____

Kung gusto ninyong gamitin ang pormularyong ito upang tumutol,
buuin ninyo ito at ikoreo sa isang sobre na may selyo at ang inyong tirahan,
City Clerk, City Administration Building
202 C Street, MS 2P, San Diego, CA 92101

Kung kayo ay may-kapinsalaan o hindi marunong ng Ingles, maaring humingi ng kasulatan na ito sa wikang Filipino. Kung kailangan humingi ng tulong upang unawain ang ipinahihawatig sa pambayang paglilitis sa Oktubre 8, maaring tawagan ang Tanggapan ng Kawaning Panglungsod sa (619) 533-4000 o (619) 236-7012 bago mag-Oktubre 1.

Mga Kaalamanan Pangkaraniwan Tungkol sa Binabalak

Ang gastos para sa "sewer" ay BABABA para sa karamihan ng parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay

Ang karamihan ng nag-iisang pamilya na may bahay ay makakabawas ng \$3.25 sa kanilang kuwenta bawat buwan sa susunod na apat na taon dahil sa hatol tungkol sa demanda ng "sewer rates" na sinisingil ng Lungsod.

Ang sinisingil para sa tubig ay TATAAS

Ang "San Diego County Water Authority" ay nagtaas ng singil para sa tubig na binibili ng Lungsod. Ang bagong binabalak na singil para mabayaran ang masmataas na halaga ng tubig ay magdadagdag ng \$1.40 sa babayaran ng pangkaraniwang parokyanong nag-iisang pamilya na may bahay bawat buwan.

Ang pagtitipid ay makakabawas ng gastos

Ang pangkaraniwang pamilya ay makakatipid ng \$1.90 sa gastos para sa tubig bawat buwan kapag tinaggap ang "20 Galon na Paghamon" ng San Diego County Water Authority.

Mga ibang kaalaman tungkol sa hamon ay matatagpuan sa www.sdcwa.org.

Mga ibang kaalaman at payo tungkol sa pag-titipid ng tubig ay matatagpuan sa www.sandiego.gov/water/conservation/index.shtml

Basahin ang linalaman nitong kasulatan!
**Pahayag ng
Pambayang Paglilitis**

THE CITY OF SAN DIEGO
202 C Street, MS 2P
San Diego, California 92101
Ang kasulatan na ito
ay matatagpuan din sa www.sandiego.gov, sa wikang Filipino.



PRESORTED
STANDARD
U.S. POSTAGE PAID
SAN DIEGO, CA
PERMIT NO. 134